Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-LABING ISANG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO 30, 2022 SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Edezer F. Aceron | Pansamantalang Tagapangulo |
| Kgg. Ederlino C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapunga | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Felix John C. Templanza | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Joejie R. Narciso | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Kim Jonh Elco E. Cantos | SK Federation President |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Pangalawang Punong Bayan-**O.B.** |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

## KAPASYAHAN BLG. 22-08-462

**RESOLUSYONG HUMIHILING SA KAWANIHAN NG PANGISDAAN AT YAMANG DAGAT, REHIYON IV-MIMAROPA SA PAMAMAGITAN NG DIREKTOR PANGREHIYON, G. ELIZER S. SALILIG NA PAGLAANAN NG KARAGDAGANG PONDO PARA SA SUBSIDIYA SA GASOLINA ANG MGA MANGINGISDANG TAGA-BULALACAO NA HINDI NAPASAMA SA UNANG GRUPO NG BENIPISYARYO NG PROGRAMA**

May-Panukala:
**Sangguniang Bayan Member ELPIDIO N. CONTRERAS, JR,**
Chairperson, Committee on Climate Change and Disaster Risk Reduction and Management

Mga Isponsor:
**Sangguniang Bayan Member ENRICO C. VILLAS**
Chairperson, Committee on Fisheries and Aquatic Resources

**Sangguniang Bayan Member FELIX JOHN C. TEMPLANZA**
Chairperson, Committee on Food and Agriculture

**"SAPAGKAT,** ang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro ay binubuo ng walong barangay na may baybaying dagat at ang pangunahing hanapbuhay ng mga naninirahan doon ay ang pangingisda;

**"SAPAGKAT,** ang pandaigdigang pandemya dulot ng Covid-19 ay nagdulot ng malaking pagbagsak ng ekonomiya dahil kagyat na natigil ang industriya at pagnenegosyo sa bansa, marami ang nawalan ng hanapbuhay at karamihan sa nagtatrabaho sa lunsod ay umuwi ng probinsiya na ang tanging pag-asa ay mairaos sa pang-araw-araw ang pamilya mula sa pagkagutom;

**"SAPAGKAT,** ang mga taga-Bulalacao ay hindi nakaiwas sa hirap dulot ng pandemya lalong-lalo na ang maliliit na mangingisda at magsasaka na nagsisikap makabangon ngunit naudlot ng kaunti dahil sa pagtaas ng presyo ng gasolina;

**"SAPAGKAT,** ang pamamahagi ng subsidiya sa gasolina ng BFAR-Rehiyon IV para sa mangingisda na taga-Bulalacao ay nagbigay ng pag-asa at ginhawa na muling magsumikap at bumangon mula sa biglang pagtaas ng gasolina dahilan ng pansamantalang pagtamlay ng industriya ng pangingisda;

**"SAPAGKAT,** ang pagbigay ng tulong sa mangingisda katulad ng subsidiya sa gasolina ay tiyak na nagdulot ng ibayong pagpupursigi na kumita at magiging produktibo para sa pamilya at komunidad ; **kung kaya't dahil dito...**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Humiling sa Kawanihan ng Pangisdaan at Yamang Dagat, Rehiyon IV-MIMAROPA sa pamamagitan ng Direktor Pangrehiyon, G. Elizer S. Salilig na paglaanan ng karagdagang pondo para sa subsidiya sa gasolina ang mga mangingisdang taga-Bulalacao na hindi napasama sa unang grupo ng benisyaryo ng programa;

**SA MUNGKAHI** nina SB Member Elpidio N. Contreras, Jr., SB Member Felix John C. Templanza at SB Member Enrico C. Villas na pinangalawahan ni SB Member Kieven E. Cantos, ang Kapasyahang ito ay...

**PINAGTIBAY"**: Agosto 30, 2022, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x-------------------------------------------------------------------x

**Kgg. EDERLINO C. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. FELIX JOHN C. TEMPLANZA**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**Kgg. JOEJIE R. NARCISO**
Snaggunìang Bayan Member

**Kgg. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**Kgg. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**Kgg. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member/
Pansamantalang Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**Kgg. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: Sept 28, 2022

22/08/31/PLP/jpc